# SHEET NG KATOTOHANAN:

## 28TH ST / LITTLE PORTUGAL BART ISTASYON

Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*







*Konseptong larawan - Pwedeng magbago*

Ang 28th Street/Little Portugal Station ay matatagpuan sa pagitan ng US-101 at 28th Street, nasa hilaga lamang ng East Santa Clara Street at sa mismong likuran ng Cristo Rey Jesuit High School. Kasama sa mga detalye ng istasyon ang:

- Ang kuhanan ng tiket, mga gate ng pasahe, at mga pasilidad pambisikleta ay ilalagay sa kapantayan ng kalye, habang ang platform ng pasahero ng istasyon ay mga nasa 75 talampakan sa ilalim ng lupa.
- Ilalagay ang mga emergency exit at mga pasilidad para sa bentilasyon sa dulong hilaga at timog ng platfor ng istasyon.
- Isang plaza malapit sa pasukan ng gusali ng istasyon at sa Five Wound Lane, mga pasilidad ng sakayan at babaan, paradahan ng bisikleta, paradahan ng sasakyan sa mismong site, at pinagsasaluhang landas sa kahabaan ng 28th Street.
- Kumbinyenteng access mula sa timog-silangang sulok ng 28th Street at Five Wound Lane, at mula sa mismong loob ng bloke ng istasyon, kung saan isinasaplanong gawin ang pag-develop sa hinaharap.
- Idinidiin ng hitsura ng istasyon ang tradisyonal na disenyo ng Portuguese, kabilang na ang pula at puting exterior ng katabing Five Wounds Portuguese National Parish.

Matatagpuan sa gitna ng mga samut-saring pamayanan ng San Jose, kabilang na ang masigla nitong komunidad ng Portuguese, ilalagay ang istasyon sa distansyang kayang lakarin sa makasaysayang Five Wounds Portuguese National Parish, at iba't ibang karanasan sa pagluluto mula sa taquerias hanggang Portuguese, Mexican, at Vietnamese na pagluluto. Magsisilbing abalang sentro ang istasyon kapwa sa mga bagong residente at matagal nang mga pamilya sa San Jose.

## 28th Street/Little Portugal Station: Sa isang Tingin

**6,700** Weekday riders sa 2040

**8 Pamayanan** at **6 na Paaralan** sa palibot ng istasyon

**1,200 Espasyong Paradahan** para sa mga pasahero ng BART

Matatagpuan sa isa sa pinakamalaking komunidad ng mga Portuguese sa bansa


Koneksyon sa Five Wounds Trail sa hinaharap

Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA ay isang anim na milyang apat na istasyon na karagdagan sa BART na magkokonekta mula Berryessa/Noth San Jose Station hanggang sa sentro ng bayan ng San Jose hanggang sa Lungsod ng Santa Clara. Kabilang dito ang limang milyang subway, na may mga underground na platform ng istasyon sa 28th Street/Little Portugal, Downtown San Jose, at mga istasyon ng Diridon, at isang istasyong kapantay ng kalsada sa Santa Clara. Ang maintenance ng tren at imbakan ay magkasamang ilalagay sa San Jose at Santa Clara..

*Pagpapatuloy sa susunod na pahina.*

*Mga kapartner sa pagpopondo ng proyekto*

2000 MEASURE A · REGIONAL MEASURE 3 · 2016 MEASURE B · CalSTA




Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

(408) 321-2345
(408) 321-2330 TTY

*VTABART.org*
*vtabart@vtabsv.com*

*@vtabsv*
*@vtabsv2*
*@vtabsv2*